

MAHALAGANG ABISO RENUNSIYA NG ADMINISTRATIBONG DISKWALIPIKASYON SA PAGDINIG – CALWORKS/CALFRESH

Basahin nang mabuti. Ang paglagda nitong renunsiya ay maaaring makaapekto sa iyong mga karapatan.

Petsa: _____

Numero ng Pagdinig: _____

_____ naniniwala na ikaw, _____, ay nakagawa ng Intensyonal na Paglabag sa Programa o Intentional Program Violation (IPV). Ito ay nangangahulugan na ipinapahayag ng county na ikaw ay intensyonal na nagbigay ng maling impormasyon o ikaw ay hindi nagsabi ng katotohanan nang intensyonal.

Sa pamamagitan ng “intensyonal”, nangangahulugan ito sa county na ginawa mo ito nang may layunin. Para sa CalWORKs, ito ay nangangahulugan din na ginawa mo ito nang may layunin na itatag o panatilihin ang pagiging karapat-dapat ng pamilya para sa CalWORKs o para sa pagtaas, o pag-iwas ng pagbabawas sa halaga ng gawad. Ito ay nagresulta sa sobrang kabayaran sa _____ ng CalWORKs at/o sobrang pag-isyu ng _____ sa Programang CalFresh.

Maaaring maghanap ng kaparusahan ng diskwalipikasyon ang county kahit na walang sobrang kabayaran o sobrang pag-isyu. Ang kaparusahan ng diskwalipikasyon para sa isang IPV ay maaaring anim na buwan, 12 na buwan, 24 na buwan, 4 na taon, 10 taon, o permanenteng diskwalipikasyon depende kung ito ay ang iyong una, pangalawa, ikatlong paglabag o base sa mga pangyayari ng paglabag. Ikaw rin ay maaaring madiskwalipika sa isa o sa parehong mga programa.

Ikaw ay may karapatan sa isang Pagdinig ng Administratibong Diskwalipikasyon o Administrative Disqualification Hearing (ADH). Subalit, maaari mong ibigay ang iyong karapatan sa pagdinig sa pamamagitan ng paglagda sa pahina 2 nitong abiso. Ikaw ay hindi kailangan umamin na ikaw ay nakagawa ng isang IPV. Kung ikaw ay lumagda ng isang renunsiya, ikaw ay madiskwalipika mula sa CalWORKs at/o CalFresh para sa (mga) panahon na nakasaad sa ilalim nitong form na ito. Kung linagdaan ang form na ito, walang magaganap na pagdinig.

Kung iyong linagdaan ang renunsiyang ito, ipinapaubaya mo na ibigay ang iyong mga karapatan sa ADH, alam mo na:

- Ang iyong kita o mga pinagkukunan ay maaaring mabilang kapag binibilang ang pagiging karapat-dapat ng sambahayan at mga benepisyo kahit na ikaw ay nadiskwalipika.
- Kung may ibang mga miyembro sa iyong sambahayan, maaaring babaan o maitigil ang iyong CalWORKs at CalFresh sa sambahayan sa panahon ng diskwalipikasyon.
- Ikaw ay may karapatan na manatiling tahimik tungkol sa (mga) paratang; ngunit, anumang iyong sabihin o linagdaan ay maaaring magamit laban sa iyo sa batas ng korte.
- Ang paglagda sa pahayag na ito ay hindi makakapigil sa County, Estado, o gobyernong Pederal mula sa pagsasakdal sa iyo para sa IPV sa batas ng korte o mula sa pagkolekta ng anumang sobrang kabayaran o sobrang pag-isyu.
- Para sa sobrang pag-isyu ng CalFresh, ang halagang iyong inutang ay mas malaki dahil hindi ka papayagan ng deduksyon ng gumanang kita.

Kung iyong napagpasyahan na HINDI lumagda nitong renunsiya ng mga karapatan sa pagdinig ng ADH:

- Ang iyong kasalukuyang pagiging karapat-dapat ay hindi magbabago, nakabinbing pagdinig.
- Kung hindi mo linagdaan ang renunsiya, ang iyong pagdinig ay gaganapin kung ikaw man ay dadalo o hindi. Kung hindi ka dadalo, maaaring naisin na magsumite ng pahayag sa kinatawan ng county na itinalaga sa ilalim ng ikalawang pahina nitong abiso. Maipapadala sa iyo ang pasya base sa patunay na iprinisenta.
- **Kung ipinadala sa iyo ng county ang form na ito bago naiskedyul ang pagdinig, matatanggap mo ang petsa, oras, at lugar sa ibang abiso mula sa CDSS. Kung iyong nilagdaan ang renunsiyang ito, ang mga kaparusahan ay mga sumusunod:**

ABISO NG CALFRESH SA IBANG MGA MIYEMBRO NG SAMBAHAYAN

Ikaw at ang ibang mga adulto sa sambahayan ay magiging responsable sa pagbabayad ng ekstrang mga benepisyong ng CalFresh na naibigay sa iyong sambahayan sa panahon na naitukoy sa ilalim ng bagay E ng Alegasyon ng IPV sa nakalakip sa DPA 435 (kahit na ikaw o ang nadiskwalipikang indibidwal ay umalis), maliban kung ang halaga ng ekstrang benepisyong ng CalFresh ay nabayaran na.

KUNG NAIS MONG IPAUBAYA ANG IYONG KARAPATAN SA PAGDINIG, lagdaan at ibalik itong renunsiya sa Departamento ng Serbisyong Panlipunan ng California sa loob ng 20 na araw ng kalendaryo mula sa petsa ng nakalakip na Abiso ng CalWORKs at/o Pagdining ng Administratibong Diskwalipikasyon ng CalFresh. Kung hindi mo linagdaan ang renunsiya sa loob ng 20 na araw ng kalendaryo, maiske-skedyul ang pagdining. Kung ikaw ay hindi puno ng sambahayan, ang puno ng sambahayan ay kailangan ding lumagda.

Kung ikaw ay lumagda sa renunsiyang ito, ikaw ay madidiskwalipika mula sa CalWORKs at/o (mga) Programa ng CalFresh para sa (mga) panahon na nakasaad sa pahina 1. Ang mga benepisyong ng sambahayan ay maaaring mabawasan, kahit na hindi mo inamin ang mga katotohanan na iprinisenta ng county.

RENUNSIYA NG ADMINISTRATIBONG DISKWALIPIKASYON SA PAGDINIG

Naiintindihan ko na ang paglagda nitong form na ito ay boluntaryo nang buo at ang kabiguang paglagda nitong form na ito ay makakaapekto sa aking pagiging karapat-dapat.

Pakitesk ang isa sa mga kahon sa ibaba:

- Ako ay umaamin sa mga katotohanan na naipresenta, at naiitindihan ko na mapapatawan ng kaparusahan ng diskwalipikasyon kung linagdaan ko ang renunsiyang ito.
- Hindi ko inaamin na tama ang mga katotohanan na naipresenta. Ngunit, pinili kong lagdaan ang renunsiyang ito at naiitindihan na ang kaparusahan ng diskwalipikasyon ay maaaring maging resulta.

Aking naintindihan at tinatanggap na:

1. Pinapatawan ako ng county ng mga nagawang Paglabag sa Intensyonal na Programa o Intentional Program Violation.
2. Aking sinuri ang nakalakip na kopya ng Alegasyon ng County ng Intensyonal na Paglabag sa Programa (DPA 435) kasama ang listahan ng mga patunay at mga eksibito. Kung nais ko na makilta ang mga patunay o talakayin ang prosesong ito, maaari akong makipag-ugnay sa kinatawan ng county na ang pangalan ay nakikita sa ibaba.
3. Aking ipinapaubaya nang boluntaryo ang aking karapatan sa CalWORKs at/o Pagdining sa Administratibong Diskwalipikasyon.
4. Aking naiitindihan na linagdaan ko ang renunsiyang ito, maaari magbago ang aking isip at humiling ng ADH sa pamamagitan ng pag-abiso sa Dibisyon ng Pagdining ng Estado o State Hearings Division sa (800) 743-8525 (libreng toll) sa loob ng pitong (7) araw ng negosyo pagkatapos nalagdaan ang renunsiya.

HUWAG LAGDAAN ANG FORM NA ITO KUNG HINDI MO ALAM ANG IBIG SABIHIN!

Lagda ng Sumasagot	Petsa
Lagda ng Punong Sambahayan o Head of Household (HOH) / Tagapag-alagang Kamag-anak o Caretaker Relative (CR) (ang mga taong ito ay kailangan na lumagda kung ang sumasagot ay hindi HOH/CR)	Petsa

Pagkatapos lagdaan ang Renunsiyang ito, ibalik ang nakalakip na sobre.

Kung ikaw ay may mga katanungan o kailangan ng karagdagang impormasyon tungkol sa ADH o hiling sa renunsiyang ito, maaaring tumawag sa koleksiyon ng county sa _____, at humiling ng _____. Kung nais mo ng kopya ng mga pamamalakad ng pagdining, tumawag sa (800) 743-8525.